www.kidworship.kr

# Muling Nabuhay si Jesus

– 21st Story–



146Page

**NAR** Nang mamatay sa krus si Jesus, nalungkot ang kanyang mga lagad. Naalala ng mga namamahalang pari at mga namumuno sa templo na sinabi ni Jesus na Sya ay muling mabubuhay sa ikatlong araw, kaya pumunta sila sa libingan, at tinatakan nila ang bato na nakatakip sa libingan upang malaman nila kung may nagbukas, at nag-iwan sila roon ng ilang mga bantay.



147Page

**NAR** Makalipas ang Araw ng Pamamahinga, sina Maria na taga-Magdala, Maria na ina ni Santiago, at Salome ay bumili ng pabango upang ipahid sa bangkay ni Jesus. Nang araw ng Linggo, kasisikat pa lang ng araw ay pumunta na sila sa libingan. Pero pagdating nila roon, nakita nilang naigulong na sa tabi ang bato. Wala duon ang katawan ni Jesus. Hindi nila alam ang gagawin. Nakita nila roon ang isang kabataang lalaking nakasuot ng puti (isang anghel) na nakaupo sa gawing kanan ng lugar kung saan inilagay ang katawan ni Jesus.


**Angel** "Huwag kayong matakot! Alam kong hinahanap ninyo si Jesus na taga-Nazaret na ipinako sa krus. Wala na siya rito. Nabuhay siyang muli!



148Page

**NAR** Kaya lumabas sa libingan ang mga babae at tumakbo para sabihin ang mabuting balita. Habang tumatakbo ay may nakasalubong sila. Si Jesus na nabuhay muli! Nagpatirapa ang mga babae sa paanan ni Jesus at binati Sya.

**Jesus** Pumunta kayo at sabihin nyo sa iba na nakita nyo ako at sabihin nyo sa kanila na mauuna ako sa Galilea para makipagkita sa kanila.



149Page

**NAR** Nang gabing iyon, ang mga alagad ay nagtipon sa isang kwarto sa itaas ng bahay sa Jerusalem. Ikinandado nilang mabuti ang pinto sa takot na baka dumating ang mga sundalong-Romano at dakpin sila. Sa oras na iyon, nagpakita si Jesus sa kanyang mga alagad.

**Jesus** Sumainyo ang kapayapaan!

**NAR** Natakot sila dahil akala nila ay nakakita sila ng multo. Kinausap sila ni Jesus.

**Jesus** "Bakit kayo natatakot? At bakit kayo nag-aalinlangan sa muli kong pagkabuhay? Tingnan ninyo ang mga bakas ng mga pako sa mga kamay at paa ko. Hawakan ninyo ako at pagmasdan.



150Page

N A R Sa wakas ay naniwala rin ang mga alagad na nabuhay muli si Jesus. Tuwang-tuwa sila na lumuhod at sinamba Siya.

Si Jesus na Anak ng Diyos ay namatay sa krus para iligtas ang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan. Pero hindi Sya nanatiling patay; nabuhay Syang muli sa ikatlong araw.

.....................................................................................................

N A R Kinausap ni Jesus ang Kanyang mga alagad.

J e s u s "Puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo."

N A R Ipinangako ni Jesus na babalik Syang dumarating mula sa alapaap para hatulan ang mundo.